



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-03

"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 01, S-2025 NG BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN WALONG LIBO, PITONG DAAN LIMAMPU'T ANIM NA PISO AT PITUMPUNG SENTIMO (P308,756.70)."

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng P308,756.70;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Tanawan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kautusan ng Barangay Tanawan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 01, S-2025 ng Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (Supplemental Budget No. 1) para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Tatlong Daan Walong Libo, Pitong Daan Limampu't Anim na Piso at Pitumpung Sentimo (P308,756.70).


TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN


BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos


PINAGTIBAY, ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


John Erica L. Perez
Kasangguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Gullones
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim